Mensahe Labing-Isa

## Ang Apostasiya, ang Matataas na Dako, at ang Pagbabawi ng Tunay na Batayan ng Kaisahan

Babasahin sa Kasulatan: 1 Hari 12:25-33; 13:33-34; Deut. 12:2-18

**I. Ang apostasiya ni Jeroboam ay maituturing na isang sagisag ng Kristiyanidad ngayon—1 Hari 12:25-33; 13:33-34:**

A. Ang apostasiya ay nangangahulugang iwan ang daan ng Diyos at tahakin ang ibang daan upang sundan ang mga bagay maliban sa Diyos, at ito ay ang gumawa ng mga bagay para sa sarili sa ilalim ng pangalan ni Hesu-Kristo at sa ilalim ng pagbabalatkayo ng pagsamba sa Diyos—Gawa 9:2; 18:26; 2 Ped. 2:2, 15, 21; Jud. 11; Huk. 18:30-31.

B. Ang apostasiya ni Jeroboam ay binubuo ng limang bagay:

1. Si Jeroboam ay gumawa ng dalawang guyang ginto (mga diyos-diyosan), inilagay ang isa sa Bethel at ang isa pa sa Dan, upang guluhin ang bayan mula sa pagsamba sa Herusalem, sa gayo’y nilalabag ang pagtatalaga ng Diyos ng pagkakaroon ng isang natatanging sentro ng pagsamba sa Banal ng Lupain para sa pagpapanatili ng kaisahan ng mga anak ni Israel—1 Hari 12:26-30; Deut. 12:2-18.
2. Si Jeroboam ay nagtayo ng templo sa matataas na dako at nagtalaga ng mga saserdote mula sa mga pangkaraniwang tao na hindi mula sa lipi ni Levi—1 Hari 12:31; 13:33b; 2 Cron. 13:9.
3. Si Jeroboam ay nagtalaga ng isang pista sa ikalabinlimang araw ng ikawalong buwan (ang buwan na kanyang binalangkas sa kanyang sariling puso) katulad ng pista na nasa Juda—1 Hari 12:32a, 33b.
4. Si Jeroboam ay nag-alay ng mga hain sa altar sa Bethel sa mga guya na kanyang ginawa, at inilagay niya sa Bethel ang mga saserdote ng matataas na dako—bb. 32b-33a.
5. Si Jeroboam ay nagtungo sa altar bagama’t hindi siya isang saserdote—b. 33b.

C. Ang apostasiya ni Jeroboam ay naging seryosong kasalanan na nagsanhi sa kanyang buong pamilya na malipol sa ilalim ng paghahatol ng Diyos at kalaunan ay humantong sa pagkabihag ng Israel—13:34; 14:7-11, 15-16; 15:29-30; 2 Hari 17:20-23.

D. Ang mga sentro ng pagsamba na itinatag ng kasalukuyang “mga Jeroboam” sa katunayan ay mga sentro ng ambisyon:

1. Ang mga pagkakabaha-bahagi sa Kristiyanidad ay sinanhi ng pagiging makasarili at ambisyon.
2. Dahil ang ilan ay ambisyoso na magkaroon ng isang imperyo upang bigyang-kasiyahan ang kanilang hangarin, pinabayaan nila ang pinili ng Diyos.

E. Sa Bagong Tipang ekonomiya ng Diyos, lahat ng mga tunay na mananampalataya kay Kristo ay ginawang mga saserdote sa Diyos, subalit nagtayo ng isang sistema ang napababang Kristiyanidad upang magtalaga ng ilang mananampalataya na gawin ang paglilingkod sa Diyos, ginagawa silang mga klerikong hirarkiya at isinasa-isantabi ang ibang mananampalataya bilang mga pangkaraniwan; ito ay isang apostata (apostate) na pagsasagawa, na dapat nating kasuklaman at talikuran—1 Ped. 2:9; Apoc. 1:6; 5:10; 2:6, 15.

F. Dahil ang kasalukuyang Kristiyanidad ay punô ng apostasiya, nangangailangan ang Panginoon ng isang pagbabawi—ang pagbabawi ng buhay at katotohanan—Jer. 2:11, 13, 19; Apoc. 2:6, 15; 1 Juan 1:1-2, 5-6; Juan 18:37b; 10:10b.

G. Ang probisyon ng buhay at ang paghahayag ng katotohanan ay mga panlunas na ginamit ng mga apostol sa pagtutuos sa apostasiya at sa pagbaba ng ekklesia—1 Juan 1:1-2, 5-6; Juan 18:37b; 10:10b; 2 Ped. 1:3-21; 2 Tim. 1:1, 10; 2:15, 25.

**II. Para sa pagbabawi at pagpipreserba ng tunay, nagpapaloob ng lahat na kaisahan, dapat nating wasakin ang matataas na dako—1 Hari 11:7-8; 12:26-33; 13:33-34; 14:22-23; 15:14; 22:43; 2 Hari 12:2-3; 14:3-4; 15:3-4, 34-35:**

A. Ang matataas na dako ay ang mga dako kung saan sinamba ng mga Hentil ang kanilang mga diyos-diyosan.

B. Nang pumasok ang mga anak ni Israel sa lupain ng Canaan upang angkinin ito, inutusan sila ng Diyos na wasakin ang lahat ng matataas na dako ng mga bansa—Deut. 12:1-3:

1. Ang magtatag ng isang mataas na dako ay ang magkaroon ng pagkakabaha-bahagi; kaya, ang kahulugan ng matataas na dako ay pagkakabaha-bahagi.
2. Upang maipreserba ang kaisahan ng Kanyang bayan, hiningi ng Diyos na magpunta sila sa namumukod-tanging lugar na Kanyang pinili; ang matataas na dako ay isang panghalili at isang alternatibo para sa namumukod-tanging lugar—bb. 8, 11, 13-14, 18.
3. Sa 1 Hari, dalawang hari—sina Solomon at Jeroboam—ang nanguna upang magtatag ng matataas na dako, ang nauna, dahil sa kanyang pagpapasasa sa pita at ang huli, dahil sa ambisyon—11:7-8; 12:27.

C. Ang isang mataas na dako ay isang pag-aangat, isang bagay na itinaas sa ibabaw ng karaniwang antas:

1. Ipinahihiwatig nito na ang isang mataas na dako ay may kinalaman sa pagdadakila sa isang bagay.
2. Sa prinsipyo, bawat mataas na dako, bawat pagkakabaha-bahagi, sa Kristiyanidad ay may kinalaman sa pagtataas, pagdadakila, ng isang bagay maliban kay Kristo—cf. Col. 1:18.

D. Ang talâ ng pagtatayo ng matataas na dako sa ilalim nina Solomon at Jeroboam ay may espiritwal na kahulugan; ito ay isinulat para sa espiritwal na tagubilin sa atin—Roma 15:4-6:

1. Malubhang pininsala ng matataas na dakong itinayo nina Solomon at Jeroboam ang batayan ng kaisahan—1 Hari 11:7-8; 12:26-33.
2. Sa buhay-ekklesia, hindi tayo dapat magkaroon ng anumang matataas na dako; sa halip, tayong lahat ay dapat na nasa isang antas upang dakilain si Kristo—Col. 1:18; 3:10-11.
3. Anumang mataas na dako, maging kung saan ang mga tunay na hain ay iniaalay, ay nagsasanhi ng pinsala sa batayan ng kaisahan.

E. Ang pagwawasak ng matataas na dako ay may kinalaman sa tatlong pangunahing bagay: ang mga dako, ang mga larawan, at ang mga pangalan—Deut. 12:2-3:

1. Sa espiritwal na pananalita, dapat nating wasakin ang bawat dako maliban sa ekklesia at bawat pangalan maliban sa pangalan ni Kristo; nangangahulugan ito na dapat nating wasakin ang ating kultura, disposisyon, pag-uugali, mga gawi, mga natural na katangian, kagustuhan, relihiyosong pinagmulan kasama ang

impluwensya nito—lahat ng bagay na pumipinsala sa tunay na kaisahan—Gal. 2:20; 5:24; 6:14.

2. Upang maisakatuparan ang salita sa Colosas 3:11, bawat ibang dako ay dapat lubusang wasakin:
    a. Dapat nating wasakin ang lahat ng bagay na hindi ang ekklesia kasama si Kristo.
    b. Dapat tayong simpleng nasa buhay-ekklesia na tinatamasa si Kristo bilang mga kayamanan ng mabuting lupain—Deut. 8:7-9; Efe. 3:8.
3. Ang buhay-ekklesia ay humihina dahil sa kakulangan sa kahandaang wasakin ang matataas na dako—1 Hari 15:14; 22:43:
    a. Sa ating pantaong buhay at kultura ay maraming lugar na nananatili, na kailangang wasakin; dapat nating wasakin ang lahat ng ito at pagkatapos ay magtungo sa namumukod-tanging lugar na pinili ng Diyos, ang ekklesia—Gal. 5:24; Mat. 16:18.
    b. Sa bawat lugar na wawasakin ay mayroong isang haliging inilaan, isang simbolo, o isang larawan; sa ating pag-uugali o disposisyon ay maaaring may gayong mga haligi, mga simbolo, o mga larawan na dapat wasakin.
    c. Sa ekklesia ay hindi maaaring magkaroon ng anumang bagay maliban kay Kristo; si Kristo ay dapat na maging ang lahat at nasa lahat—Col. 1:18, 27; 2:2; 3:11.

**III. Dahil sa apostasiya, matataas na dako, at mga pagkakabaha-bahagi sa buong Sangkakristiyanuhan, may pangangailangan para sa pagbabawi ng tunay na batayan ng kaisahan—Efe. 4:2-6, 13; Juan 17:11, 14-23; 1 Cor. 10:16-17:**

A. Ayon sa dibinong pahayag sa Bagong Tipan, ang batayan ng ekklesia—ang tunay na batayan ng kaisahan—ay binubuo ng tatlong mahahalagang elemento:
1. Ang unang elemento na bumubuo sa batayan ng ekklesia ay ang namumukod-tanging kaisahan ng pansansinukob ng Katawan ni Kristo—Efe. 4:4:
    a. Ang kaisahang ito ay tinatawag na "kaisahan ng Espiritu"—b. 3.
    b. Ang kaisahang ito ay ang kaisahan na ipinanalangin ng Panginoon sa Juan 17—isang kaisahan sa pakikipaghalo ng naprosesong Tres-unong Diyos sa lahat ng mananampalataya kay Kristo—bb. 6, 11, 14-24.
    c. Ang kaisahang ito ay ipinamahagi tungo sa espiritu ng lahat ng mananampalataya kay Kristo, sa kanilang pagkasilang na muli sa pamamagitan ng Espiritu ng buhay kalakip si Kristo bilang ang dibinong buhay.
2. Ang ikalawang elemento ng batayan ng ekklesia ay ang namumukod-tanging batayan ng lokalidad kung saan ang isang ekklesia-lokal ay itinatag at umiiral—Gawa 14:23; Tito 1:5; Apoc. 1:11.
3. Ang ikatlong elemento ng batayan ng ekklesia ay ang realidad ng Espiritu ng kaisahan, inihahayag ang namumukod-tanging kaisahan ng pansansinukob na Katawan ni Kristo sa namumukod-tanging batayan ng lokalidad ng isang ekklesia-lokal—1 Juan 5:6; Juan 16:13:
    a. Sa pamamagitan ng Espiritu ng realidad, na siyang buháy na realidad ng Dibinong Trinidad, ang kaisahan ng Katawan ni Kristo ay nagiging tunay at buháy.
    b. Sa pamamagitan ng Espiritung ito, ang batayan ng ekklesia ay inaaplay sa buhay at hindi sa legalidad.

c. Sa pamamagitan ng Espiritung ito, ang tunay na batayan ng ekklesia ay naidurugtong sa Tres-unong Diyos—Efe. 4:3-6.

B. Ang ekklesia, ang organikong Katawan ni Kristo, ay hindi nababahagi at di-napaghihiwalay; ang namumukod-tanging Katawan na ito ay inihahayag sa maraming ekklesia-lokal sa dibinong kaisahan gaya ng sa Tres-unong Diyos at sa dibinong kalikasan, elemento, esensya, kahayagan, pangsyon, at patotoo—Apoc. 1:11; Juan 17:11, 21, 23.

C. Ang tunay na kaisahan—ang kaisahan ayon sa kalikasan ng Diyos—ay isang nagpapaloob ng lahat, komprehensibong kaisahan na nagpapaloob ng lahat ng positibong bagay—Awit 23:6; 36:8-9; 43:3-4; 84:1-8, 10-12; 92:10; 133:1, 3b:

1. Kapag nabawi ang kaisahan, ang lahat ng espiritwal na kayamanan at lahat ng positibong bagay ay mababawing kasama nito, sapagkat ang lahat ng ito ay umiiral sa loob ng kaisahan—Efe. 4:3; 3:8.
2. Lahat ng maka-diyos na bagay at lahat ng espiritwal na kayamanan ay sa atin sa tunay na batayan ng kaisahan—Deut. 8:7-9; 12:12, 26-28.
3. Ang tunay na kaisahan ay hindi isang bahagyang kaisahan; ito ay isang dakila, kompleto, komprehensibong kaisahan, isang kaisahan sa kabuuan—Awit 133:1:
   a. Ang kaisahang ito, ayon sa inihayag sa Efeso 4:3-6, ay kinapapalooban ng Diyos Ama, ni Kristong Panginoon, at ng Espiritu bilang Tagapagbigay ng buhay.
   b. Ang nagpapaloob ng lahat na kaisahan ay nagbibigay sa atin ng daan tungo sa lahat ng positibong kagalingan at katangian—bb. 1-2.

D. Pinasasalamatan at pinupuri natin ang Panginoon para sa pangitain hinggil sa pagwasak sa matataas na dako at hinggil sa pagbabawi at pagpipreserba ng tunay, nagpapaloob ng lahat na kaisahan; pribilehiyo nating malaman, maranasan, at matamasa ang kaisahang ito sa pagbabawi ng Panginoon ngayon—Awit 133:1, 3b; Juan 17:21-23; Efe. 4:3-6.

*© 2022 Living Stream Ministry*